Ayuda ng DA-BAI para sa Paghahayupan sa Ifugao

Sa tulong ng Department of Agriculture-Bureau of Animal Industry (DA-BAI), maglulunsad ang Provincial Government of Ifugao ng Upgraded Native Pig Project at Chicken Production Project sa Provincial Livestock Facility, Lamut, Ifugao.

Pinangunahan nila DA-BAI Director Dr. Ronnie D. Domingo at Dr. James S. Gopeng, Ifugao Provincial Veterinarian ang pagpirma sa Memorandum of Agreement na isinagawa noong Nobyembre 18, 2020 sa BAI, Diliman, Quezon City.

Layunin ng naturang mga proyekto na masiguro ang sapat na suplay ng manok at baboy sa lalawigan . Maliban dito, inaasahang makapagbibigay din ang mga proyekto ng livelihood assistance para sa 500 pamilya sa Ifugao.

Sa ilalim ng mga nabanggit na proyekto, nakatakda ring sumailalim sa pagsasanay ang 100 residente upang mas madagdagan ang kanilang kaalaman sa pag-aalaga ng mga manok at baboy.

_ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _